

GL48 mg/dL MONITOR PARA SA ASUKAL SA DUGO (REF 463.66)



- MAGAAN AT MADALING GAMITIN
- MALAKING DISPLAY SCREEN
- MAY ILAW NA SLOT PARA PASUKAN NG TEST STRIP
- 2 X CR2032 BUTTON CELL NA BATERYA (KASAMA)
- LANCING DEVICE
- DATA TRANSMISSION CABLE
- CODE FREE (WALANG CALIBRATION)
 - DAMI NG DUGONG KAILANGAN: 0.5 μ L
 - TAGAL NG PAGSUKAT NG ASUKAL SA DUGO: TINATAYANG. 5 SEGUNDO
 - NAG-IIMBAK NG HANGGANG 900 HALAGA (MAY PETA AT ORAS)
 - KINAKALKULA ANG MGA AVERAGE NA HALAGA PARA SA: 7, 14, 30 at 90 ARAW
 - MGA PAG-LABEL NG RESULTA
 - SAKLAW NG PAGSUKAT 20 – 630 mg/dL
 - AWTOMATIKONG NAG-O-OFF





50 TEST STRIP NA BAGAY SA GL48/GL49 (REF 463.76)




- PACK NG MGA TEST STRIP (2 x 25 strip)
- LARGE SIZE NA TEST STRIP NA MAY ARROW PARA MADALING IPASOK
- PANAHOON NG PAG-EXPIRE NA 24 NA BUWAN (MULA SA PAGBUKAS)
- MAAARING HAWAKAN KAHIT SAAN ANG MGA TEST STRIP (GAMIT ANG MGA MALILINIS NA KAMAY) NANG HINDI NASISIRA ANG TEST STRIP EJECTION BUTTON
- TEST STRIP EJECTION BUTTON

BEURER GL48 MONITOR PARA SA ASUKAL SA DUGO AT MGA TEST STRIP PAGGAMIT

	<p>UNANG PAGGAMIT Nakalagay na ang mga baterya sa loob ng device. Hatakin ang pangproteksiyong takip para alisin ito.</p>
	<p>MGA BASIC NA SETTING I-on ang device gamit ang on/off button (6) at pindutin ang SET button (8). Kapag nagsimulang kumutitap ang display ng taon, gamitin ang berdeng '+' at '-' na button sa gilid (9) para i-set ang taon at kumpirmahin gamit ang SET button (8). Magpatuloy ayon sa nakalarawan sa itaas para sa araw – buwan – oras – at minuto.</p>
	<p>Susunod, i-set ang ibabang limit ng normal na glycaemic range (nirerekomendang halaga ay 80), ang itaas na limit ng normal glycaemic range (nirerekomendang halaga ay 180) at i-set ang pagpapagana / hindi pagpapagana ng acoustic na signal (BEEP).</p>
	<p>PAGHAHANDA SA DEVICE PARA MAGAMIT Ipasok ang test strip sa device para nakaturong paloob ng slot ang mga contact ayon sa itinuturo ng arrow. Awtomatikong mag-o-on ang device.</p>
	<p>Makalipas ang mga 3 segundo, may simbolo ng kumukutitap na tulo ng dugo ang lalabas sa screen: Nangangahulugan ito na handa na ngayon ang device na magbasa.</p>
	<p>PAGKUHA NG SAMPLE NG DUGO Kapag nakalagay na ang sterile na lancet na karayom, nakapirming iposisyon ang lancing</p>

	<p>device medyo sa gilid ng gitna ng dulo ng daliri at pindutin ang trigger.</p> <p>Dapat mabuo ang patak ng dugo na 1.2 mm man lang ang laki (• tamang laki ng patak ng dugo)</p> <p>Siguruhin na manatili ang dugo bilang maliit na patak at hindi kakalat sa daliri.</p>
	<p>Ilagay ang test strip sa patak ng dugo tulad ng makikita sa imahe (huwag alisin ang test strip mula sa device sa yugtong ito).</p> <p>Awtomatikong hihigupin ng test strip ang dugong kailangan sa pagbabasa at ang device ay tutunog ng BEEP.</p>
	<p>Babala! Maaari lang kunin ang dugo mula sa puwang na pasukan ng dugo (sa dulo ng test strip). Kung ang dugo ay malagay sa o sa ilalim ng strip, may peligro na ang pagbasa ay maaaring hindi magbigay ng tumpak na sukat.</p>
	<p>PAGBASA NG RESULTA</p> <p>Ang 5 segundong countdown ay awtomatikong magsisimula.</p> <p>Lalabas ang sukat sa display na may petsa, oras at bar na nakaturo sa may kulay na target scale (sa alinman sa pula, berde o dilaw na bahagi).</p> <p>Gamitin ang bar para bigyang-kahulugan ang mga resulta ayon sa sumusunod: Ang bar ay nasa pulang lugar = mababang lebel ng asukal sa dugo Ang bar ay nasa berdeng lugar = normal na lebel ng asukal sa dugo</p>

	<p>Ang bar ay nasa dilaw na lugar = mataas na lebel ng asukal sa dugo</p>						
 <table border="1" data-bbox="211 583 630 703"> <tr> <td></td> <td>Prima del pasto.</td> </tr> <tr> <td></td> <td>Dopo il pasto.</td> </tr> <tr> <td></td> <td>Marcatura generale (ad es. dopo sforzo fisico).</td> </tr> </table>		Prima del pasto.		Dopo il pasto.		Marcatura generale (ad es. dopo sforzo fisico).	<p>Pag-label ng resulta (opsiyonal) Ang mga resulta ay maaaring i-label sa paggamit ng 'apple button': pindutin nang minsan para sa 'bago kumain'; dalawang beses para sa 'matapos kumain'; 3 beses para sa pangkalahatang pag-label; 4 na beses para kanselahin ang pag-label. Opsyional ang pag-label.</p>
	Prima del pasto.						
	Dopo il pasto.						
	Marcatura generale (ad es. dopo sforzo fisico).						
	<p>PAGTANGGAL NG MGA TEST STRIP Gamitin ang eject button sa gilid para matanggal ang test strip nang hindi nadidikit dito. Awtomatikong mag-o-off ang device.</p>						
	<p>MEMORY NG PAGSUKAT Ang mga pagsukat ay awtomatikong iniimbak na may petsa at oras (nakakahawak ng hanggang 900 pagsukat). Para ipakita ang mga naitalang halaga: i-on ang device gamit ang on/off button at pindutin ang berdeng '+' o '-' na button sa gilid. Ipapakita ang diary symbol sa pagitan ng petsa at oras.</p>						
	<p>MGA AVERAGE NA HALAGA Maaari mong makita ang average na glycaemic na halaga mula sa nakaraang 7, 14, 30 at 90 araw. I-on ang device gamit ang on/off button at pindutin ang '+' button nang dalawang beses. Pindutin ang berdeng '+' at '-' button para magpakita ng mga average na mayroon o walang pag-label.</p>						

	<p>PAGLIPAT NG DATA SA PC O SA APP Ikonekta ang device sa PC gamit ang cable na binigay. Maaaring ilipat ang data sa pamamagitan ng Glucomemory o HealthManager software pati na sa pamamagitan ng HealthManagerPro Uploader papunta sa app sa iyong smartphone. Gamit ang GL48 posibleng maglipat ng data sa Smart Digital Clinic at Glooko.</p>
---	--

Ang dokumentong ito ay available sa 


Mag-click dito para sa video tutorial- link WWW.beurer-medical.it


SERBISYO PARA SA CUSTOMER NG BEURER MEDICAL ITALIA
TEKNIKAL NA SUPORTA

Hotline ng Serbisyo para sa Customer

Numero Verde
800 - 700 806

- Bukas 7 araw bawat linggo, bawat araw ng taon
- 8.00 a.m. hanggang 1.00 p.m. at 2.00 p.m. hanggang 6.00 p.m.

 www.beurer-medical.it

 service-it@beurer-medical.de

MGA TAGUBILIN PARA SA TAMANG PAGTAPON NG MGA ITINAPONG MATERYALES

Matapos gamitin, itapon ang mga test strip at lancet needle sa lalagyang hindi natutusok.



Mahalagang sumunod sa pangkalahatang angkop na mga pangkaligtasang pag-iingat sa pamamahala ng dugo kapag tinatapon ang mga test strip at lancet. Itapon nang tama ang lahat ng mga sample ng dugo at materyales na nahawakan mo o ng iyong tagapag-alaga upang maiwasan ang pinsala at impeksiyon ng ibang mga tao. Lahat ng mga bahagi ng monitor at mga aksesorya nito ay maaaring madikit sa dugo ng tao at samakatuwid ay posibleng pagmulan ng impeksiyon.



Ang walang laman, lubusang patay na mga baterya ay dapat itapon sa pamamagitan ng mga espesyal na dinisenyong mga kahong pangkolekta, mga lugar para sa pagreresiklo o mga retailer ng electronics. Legal na inaatas na itapon ang mga baterya.

Ang mga code sa ibaba ay naka-print sa mga bateryang naglalaman ng mga mapanganib na sangkap:

Pb = May lamang lead ang baterya,

Cd = May lamang cadmium ang baterya,

Hg = May lamang mercury ang baterya.



Para sa mga kadahilanang pangkapaligiran, huwag itapon ang device o ang pangkonektang cable sa basurahan ng tahanan sa katapusan ng buhay ng serbisyo nito. Dapat itong itapon sa angkop na lokal na lugar ng pagkolekta o ng pagresiklo. Itapon ang device ayon sa Direktiba ng EC – WEEE (Waste Electrical and Electronic Equipment). Kung may anumang mga tanong ka, mangyaring kontak ang mga lokal na awtoridad na responsable sa pagtapon ng basura.



Maaaring itapon ang fabric case kasama ng pangkalahatang basura o ayon sa tagubilin ng iyong lokal na awtoridad.